# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 4
## Modyul Blg. 17
## Mga Kasanayan Ko: Angkop sa Kurso o Hanapbuhay?

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Nakakita ka na ba ng mga *classified ads* sa pahayagan? Ano ang mga impormasyong makikita mo dito? Bakit inilalagay ng mga kompanya ang kasanayang kinakailangan nila sa mga mag-aaplay sa kanila ng trabaho?

Sa pagpili ng trabaho o kurso sa kolehiyo, mahalaga bang alam mo ang mga kasanayang kinakailangan dito?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay matutuklasan mo sa iyong pagtunghay sa mga gawaing inihanda sa modyul na ito. Inaasahan kong malilinang mo ang mga kasanayan at pagpapahalagang sumusunod:

Nakikilala ang mga kasanayan na kinakailangan sa iba't ibang kurso sa kolehiyo o hanapbuhay (L.C. 4.3)

A. Natutukoy ang mga kasanayan na kailangan sa iba't ibang kurso sa kolehiyo o hanapbuhay
B. Nakikilala ang kasanayang taglay at ang asignaturang makatutulong sa pagpapaunlad nito
C. Nasusuri ang pagpapahalagang dapat gamitin sa pagkilala sa mga kasanayang kinakailangan sa iba't ibang kurso sa kolehiyo o hanapbuhay

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.

4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Ang bawat tao'y may kakayahang tuklasin at paunlarin ang kasanayan sa isang gawain dahil sa taglay niyang:

    a. konsensya
    b. dignidad
    c. karapatan
    d. talino

2. Ang *career orientation* sa paaralan ay naglalayong:

    a. matuklasan ang talinong taglay ng mga mag-aaral
    b. gabayan ang mga mag-aaral sa mga kursong maaari nilang kunin sa kolehiyo
    c. matulungan ang mga mag-aaral sa kanilang suliraning pang akademiko
    d. gabayan ang mga mag-aaral sa tamang kilos sa loob at labas ng paaralan

3. Ang ibinibigay na *college admission test* sa mga kolehiyo at pamantasan ay naglalayong matuklasan ang:

    a. kaalamang taglay ng mag-aaral
    b. kakayahang pinansyal ng mag-aaral
    c. kalagayang emosyonal ng mag-aaral
    d. pagpapahalagang taglay ng mag-aaral

4. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang dahilan sa pag-aaral ng iba't ibang asignaturang sa paaralan:

    a. malilinang ang talino, kasanayan at pagpapahalaga
    b. makakuha ng mataas na marka
    c. makakilala ng iba't-ibang guro
    d. makasasalamuha ng iba't-ibang kapwa kabataan

5. Ang pagkilala sa mga kasanayang kailangan sa isang kurso o trabaho ay nakatutulong upang:

    a. magkaroon ng kamalayan sa mga kursong kailangan sa industriya.
    b. matuklasan kung akma ba ng kasanayang taglay ng isang tao sa kursong nais niyang kunin o trabahong nais pasukan.
    c. makapamili ng magandang kolehiyo o pamantasang papasukan.
    d. makahikayat pa ng ibang kaibigan sa pagkuha ng isang kurso o trabaho.

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Panuto: Pagmasdan mo ang mga larawan sa ibaba at isulat ang mga kasanayang kinakailangan sa kurso o trabahong ipinakikita. Isulat mo ang sagot sa espayong nakalaan para dito. Gabay mo ang halimbawa sa unang bilang.



1. Kasanayan sa pagtatanim at pag-aalaga ng mga halaman_.




2. ____________________________
   ____________________________



3.______________________
______________________




4. ______________________
______________________



5.______________________
______________________



6.______________________
______________________



7.______________________
______________________



8.______________________
______________________

## Sagutin Mo

1. Nahirapan ka ba sa gawain? Bakit?
2. Bukod sa mga nasa larawan, isulat mo sa ibaba ang mga kasanayang kailangan sa iba't ibang kurso o trabaho. Sundin ang halimbawa.

| Kurso o Trabaho | Kinakailangang Kasanayan |
|---|---|
| Hal. | |
| 1. Guro | Mahusay magpaliwanag, disiplinado, maliwanag magsalita |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| 6. | |
| 7. | |
| 8. | |
| 9. | |
| 10. | |

## Gawain Blg. 2

A. Alam mo ba ang mga kasanayang taglay mo? Sa palagay mo ba ay akma ang mga ito sa kursong nais mong kunin o trabahong nais mong pasukan. Sagutan mo ang tsart sa susunod sa pahina.

Panuto: Lagyan mo ng tsek ang kasanayang taglay mo at isulat sa loob ng kolum kung saang asignatura ito nakatutulong sa iyo. Gamiting gabay ang halimbawa.

| Kasanayan | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pakikipag-usap sa iba ✓ | Pag-susulat | Pag-unawa ng mga bilang | Pag-iisip at paglutas ng mga komplikadong suliranin | Pag-sasayaw | Pagguhit (drawing) | Pag-awit |
| Hal.<br><br>Filipino<br><br>English<br><br>Edukasyon sa Pagpa-pahalaga | | | | | | |

B. Ang tsart sa ibaba ay naglalaman ng mga indikeytor ng pagkakaroon ng kasanayan o kawalan ng kasanayan sa walong dimensyon: interpersonal, impormasyon, sistema, teknolohiya, pangunahing kasanayan, kasanayang pangkaisipan, personal na katangian at pinagkukunan. Suriing mabuti ang iyong sarili at tingnan kung alin sa mga indikeytor na ito ang taglay mo. Isulat mo ito sa iyong notebook.

| | Inter personal | Impor-masyon | Sistema | Tekno-lohiya | Pangunahing kasanayan | Kasanayang Pangkaisipan | Personal na Katangian | Pinag-kukunan *(Resources)* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Kasanayan** | Pakikipag-talastasan<br><br>Pakikiisa bilang Kasapi ng pangkat<br><br>Paggawa kasama ang iba<br><br>Pamumuno<br><br>* pamama-hala sa lugar ng gawaan<br><br>* Pagtang-gap sa pagkaka-iba-iba<br><br>* Pakikipag kasundo at paglutas ng hindi pagkaka-unawaan. | Pagsu-suri ng mga impor-masyon<br><br>Naia-ayos at na-bibig-yang inter-pretas yon ang mga datos o impor-masyon<br><br>Pagpapa -hayag ng impor-masyon sa pasa-lita o pa-sulat na paraan<br><br>Napopro-seso ang impor-masyon gamit ang computer | Pakikipag-ugnayang Panlipu-nan<br><br>May pamama-raan kung paano mapaiiral ang sistema at kaayusan sa samahan<br><br>May pamama-raan kung paano ang mga kagami-tan at iba pang bagay ay maayos na magaga-mit | Pagpili ng mga gamit o pamama raang aakma sa gawain<br><br>Nauuna-waan kung paano ginaga-mit ang isang kaga-mitan o ang isang pamama raan.<br><br>Nagaga-mit nang wasto ang akmang kagamit an para sa isang tiyak na gawain. | Pagbasa<br><br>Nakababasa at nakatutukoy kung may mali sa tekstong binasa.<br><br>Nakasusulat at naka-pagtatala ng mga mahahala-gang datos.<br><br>Nakapagsa-salita.<br><br>May kakaya-hang mag-memorya at magkonsen-treyt. | Kasanayang Mag-isip<br><br>May kakayahan sa malikhaing pag-iisip<br><br>Nakagagawa ng pasya<br><br>Nakalulutas ng suliranin.<br><br>Alam ang paraan kung paano matututo.<br><br>Nakabubuo ng mga imahen sa isipan.<br><br>Nakapanga-ngatwiran | Pagkaka-kilala sa sarili<br><br>Pagtingin sa sarili<br><br>May pagpa-pahalaga sa dangal at katapatan<br><br>May panama-gutan<br><br>Napama-mahalaan ang sarili kabilang ang pagsusuri sa sarili, pagta-takda ng layunin | Wastong Pamama-hala<br><br>Napamamah alaan nang maayos ang oras<br><br>Napamamah alaan nang maayos ang mga materyal na bagay |

| | Inter Personal | Impor-masyon | Sistema | Teknolohiya | Pangunahing Kasanayan | Kasanayang Pangkaisipan | Personal na Katangian | Pinag-kukunan *Resources* |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Walang Kasanayan** | Nahihira-pan kang gumawa kasama ang iba.<br><br>Naniniwala ka na ang pang-araw-araw na sigalot o hindi pag-kakaunawaan ay bahagi ng pang-araw-araw na buhay. | Hindi mo alam kung saan kukuha o paano hahana-pin ang maha-lagang impor-masyon.<br><br>Hindi nauuna-waan ng iyong guro/ pinuno/ amo/ ang mga natata-pos mong trabaho o ang mga paghihi-rap mo. | Nakaga-gawa ka ng kamalian sapagkat hindi malinaw sa iyo ang iyong tungkulin sa pangkat.<br><br>May mga gawain at kalatas na mister-yoso para sa akin dahil hindi ko alam kung paano gawin. | Gumugu-gol ka ng maha-bang oras sa pagtatrabaho dahil hindi mo alam kung paano gamitin ang ilang mga makaba-gong ka-gamitan tulad ng compu-ter. | Madalas kang nalilito at hindi ka maunawaan ng mga tao sa paligid mo.<br><br>Nahihirapan kang mana-tili sa isang gawain. | Magiging mahirap ang pagtatrabaho kung hindi ko matututuhan ang umagapay sa mga bagong kaalaman.<br><br>Tila hindi umuusad ang iyong gawain kahit gaano ang iyong pagpapa-kahirap | Sa kabila ng mga maka-bagong kaalamang taglay mo hindi ka pa rin umuunlad dahil sa hindi kanais-nais na gawi sa pagta-trabaho. | Ang hindi maayos na pamama-hala sa salapi ay naka-aapekto sa iyong saloobin at pagkilos.<br><br>Sadyang hindi mo kayang maka-rating sa tamang oras sa iyong pinapasu-kan. |

## Sagutin Mo

1. Paano nakatutulong ang mga kasanayang iyong nilagyan ng tsek sa mga asignaturang iyong isinulat?
2. Paano ito makatutulong sa iyo sa pagpili mo ng kurso o trabaho sa hinaharap?
3. Bakit mahalagang kilalanin mo ang amg kasanayan na kinakailangan sa iba't ibang kurso sa kolehiyo o hanapbuhay?

## Gawain Blg. 3

Maraming mag-aaral ang magtatapos na sa *high school* ay hindi pa rin alam ang kursong kukunin. Ang kawalan ng kaalaman kung ano ang kanyang mga kasanayan ay isa sa mga dahilan nito. Ano ang resulta? Kukuha ng kurso na hindi naman pala akma sa kakayahan. Pagkatapos ng isang semestre, tumigil o lumipat ng ibang kurso. Huli na nang malamang hindi pala angkop sa kanyang kasanayan ang kanyang pinag-aaralan.

Sa mga natapos mong gawain, nakilala mo ang mga kasanayang kinakailangan sa pagkuha ng kurso sa kolehiyo o sa pagpasok sa trabaho. Anu-anong mga pagpapahalaga ang kinakailangan mong gamitin upang maiangkop mo ang taglay mong kasanayan sa kursong iyong kukunin sa kolehiyo o trabahong iyong papasukan? Isulat ito sa unang hanay at ang paliwanag sa ikalawang hanay.

Halimbawa:

| Pagpapahalaga | Paliwanag |
|---|---|
| 1. Pagsusuri sa sarili (self-introspection) | Tanging sa matapat na pagtingin at pagsusuri sa sarili lamang makikita ng isang tao ang kanyang mga kahinaan at kalakasan, ang kanyang mga ayaw at gusto. |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

## IV. Ano Ang Iyong Natutuhan?

Ano ang mahalagang konsepto ang iyong natutuhan sa modyul na ito? Gamitin mong gabay ang mga salitang nasa kahon.

| | |
|---|---|
| **Kurso** | **Hanapbuhay** |
| **Makilala** | **Kinakailangan** |
| **Kasanayan** | **Mahalaga** |



Konsepto:________________________________________

________________________________________________

## V. Pagpapatibay

Kasanayan sa Trabaho

Mahirap pumasok sa isang bagay na wala kang kaalam-alam o wala ka man lang kasanayan. Lagi kang natatakot na baka mali ang gawin mo o baka matuklasan ng iba. Isa ito sa dahilan kung bakit mahalaga na makilala mo ang mga kasanayan na kailangan sa kursong kukunin o trabahong papasukan mo.

Isang taon na lamang at magtatapos ka na sa *high school.* Mahalagang ngayon pa lamang ay alam mo na ang mga kasanayang taglay mo upang makapili ng kursong aakma sa mga kasanayang ito.

Maraming mga mag-aaral na nasa ikaapat na taon ang hindi man lamang alam kung ano ang kanilang kursong kukunin. Kung kailan kukuha ng *college admission test* ay saka pa lamang mag-iisip kung ano ang kursong kukunin. Isusulat na lamang sa *information sheet* kung ano ang kursong maisip, para lang maipasa ang papel. Ano ang kadalasang resulta ng ganitong gawain? Nakapag-eenrol sa isang kursong wala naman siyang kasanayan. Ang katwiran, mainam na iyon kaysa naman hindi mag-enrol.

Ano ang kadalasang hinahantungan ng mga ganitong uri ng pagpapasya? Pagkatapos ang isang semester, mababalitaan mo na lamang na nagpalit ng kurso o lumipat ng paaralan. Bakit? Hindi siya makatagal dahil wala siyang kasanayang kinakailangan para sa kursong kanyang kinuha. Ganito rin ang mangyayari kung papasok ka sa isang trabahong wala kang kasanayan.

Sa apat na taong pag-aaral sa high school imposible na hindi mo man lamang natuklasan kung ano ang iyong mga kasanayan at hilig. Sa iba't ibang asignaturang pinag-aaralan, natitiyak kong mayroong espesyal sa iyo dahil tumutugma sa iyong hilig at kasanayan ang mga itinuturo. Ito na ang gabay mo sa pagpapasya kung ano ang kursong kukunin o anong trabaho ang iyong papasukan.

Mahalagang kilalanin ang mga kasanayang kakailanganin mo sa pagpili ng kurso sa kolehiyo o sa trabahong iyong papasukan sapagkat malaki ang maaaring maging epekto nito sa iyong tagumpay sa hinaharap.

Isang magandang halimbawa dito si Lea Salonga. Nag-aaral siya sa Ateneo de Manila University nang dumating sa Pilipinas ang pangkat ni Cameron Mckintosh, kilalang direktor sa teatro, upang mag-*audition* ng mga Pilipinong gaganap sa *Miss Saigon.* Itatanghal ang musical na ito sa *West End* sa London. Isa si Lea sa nag-*audition.* Napahanga ang pangkat ni McKintosh sa kanyang angking husay sa musika at sa kanya ibinigay ang pangunahing papel bilang Kim sa nasabing palabas.

Isang mahalagang desisyon ang kanyang dapat gawin, ang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral sa kolehiyo sa Ateneo kung saan magaganda ang kanyang marka o tanggapin ang *Miss Saigon* at manatili sa London sa buong panahon ng pagtatanghal.

Sa kabila ng kahusayan sa dalawang magkaibang larangan, musika at kolehiyo, alam ni Lea na ang kanyang kakayahan at kasanayan ay nasa musika. Ito ang dahilan kung bakit pinili niyang maging Kim sa *Miss Saigon.* Hindi siya nagkamali sapagkat dito siya nagtagumpay at nakilala sa buong mundo. Patuloy niyang pinaunlad ang kanyang kasanayan sa pamamagitan ng pag-aaral sa musika.

Sa halimbawang ito mo makikita ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kasanayang angkop sa kurso o trabahong papasukan.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Suriing mong mabuti ang iyong sarili. Ano ang kursong nais mong kunin pagkatapos ng *high school*. Anu-anong mga kasanayan ang taglay mo na tugma sa naisin mong kurso? Ipaliwanag. Isulat mo ito sa loob ng *scroll.*

Ang kursong nais kong kunin sa kolehiyo ay________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
________________________________

Ang mga kasanayan kong makatutulong sa akin sa pagkuha ng kursong ito ay
_________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
________________________________

## VII. Gaano Ka Natuto?

Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Ang bawat tao'y may kakayahang tuklasin at paunlarin ang kasanayan sa isang gawain dahil sa taglay niyang:
    a. konsensya
    b. dignidad
    c. karapatan
    d. talino

2. Ang *career orientation* sa paaralan ay naglalayong:
    a. matuklasan ang talinong taglay ng mga mag-aaral
    b. gabayan ang mga mag-aaral sa mga kursong maaari nilang kunin sa kolehiyo
    c. matulungan ang mga mag-aaral sa kanilang suliraning pang akademiko
    d. gabayan ang mga mag-aaral sa tamang kilos sa loob at labas ng paaralan

3. Ang ibinibigay na *college admission test* sa mga kolehiyo at pamantasan ay naglalayong matuklasan ang:
    a. kaalamang taglay ng mag-aaral
    b. kakayahang pinansyal ng mag-aaral
    c. kalagayang emosyonal ng mag-aaral
    d. pagpapahalagang taglay ng mag-aaral

4. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang dahilan sa pag-aaral ng iba't ibang asignaturang sa paaralan:
    a. malilinang ang talino, kasanayan at pagpapahalaga
    b. makakuha ng mataas na marka
    c. makakilala ng iba't ibang guro
    d. makasasalamuha ng iba't-ibang kapwa kabataan

5. Ang pagkilala sa mga kasanayang kailangan sa isang kurso o trabaho ay nakatutulong upang:
    a. magkaroon ng kamalayan sa mga kursong kailangan sa industriya.
    b. matuklasan kung akma ba ng kasanayang taglay ng isang tao sa kursong nais niyang kunin o trabahong nais pasukan.
    c. makapamili ng magandang kolehiyo o pamantasang papasukan.
    d. makahikayat pa ng ibang kaibigan sa pagkuha ng isang kurso o trabaho.

## VIII. Mga Sanggunian

Garcia-Abiva, Thelma. (1993). *Learning Resource for Career Development*. Quezon City: Abiva Human Development Services, Inc.

**Susi sa Pagwawasto**

Handa Ka Na Ba?

1. d
2. b
3. a
4. a
5. b

Gaano Ka Natuto?

1. d
2. b
3. a
4. a
5. b